



## Kabanata 23: ANG SUSUNOD NA MISYON

“BAKIT ANG DAMING tao sa simbahan ngayon, 'La?”

Sinamahan ni Lola Da si Iska ngayon para sa kaniyang *pre-enrollment* para sa Senior High School sa Antipolo Parochial School. Pumasok nang muli sa kaniya-kaniyang trabaho ang tatlo. Mahalaga pa rin maging normal na mortal ang tatlong magkakapatid sa mata ng lahat. Kaya naman, kailangan din nilang magtrabaho gaya ng mga ordinaryong mamamayan. Si Lola Da muna ang sumama ngayon bilang *guardian* dahil may ibang ginagawa si Tiya Oyang.

Hindi naman matagal ang pagpapatala sa susunod na *school year*. Wala pang isang oras, natapos na rin nila itong asikasuhin. Natagalan silang makalabas sa bakal na *gate* ng eskuwelahan na nasa likod lang ng simbahan. Maraming tao ngayon sa labas. Parang nasa Divisoria kung saan, may agos ng tao talaga. Mabuti na lang, alam ni Iska ang mga daan na tanging mga taga-eskuwelahan lang nila ang nakakaalam.

“*Pilgrimage season,*” sagot nito. “Ibig sabihin, maraming pumupunta rito upang magnobena o magdasal para sa mga intensiyon nila,” pagpapatuloy pa nito.

Habang nag-uusap sila, pinatunog ang kampana. Hudyat na alas-dose na ng tanghali. Narinig nila na dinarasal ang Angelus. Napakapayapa pa rin ng tunog ng kampana. Naalala ni Iska kung paanong ang payapang tunog na ito ang pumukxa sa isang

napakalaking nilalang. Iniisip pa lang ni Iska ang karanasan na iyon, napapagod na talaga siya.

Tinitingnan ni Iska ang kampana sa malayo. May ilang reporter ang nakapaligid rito, kausap ang kura paroko ng simbahan. Naka-set up ang mga ilaw, ang mga *tripod* ng *camera*, at may kotse rin ang naka-park kung saan, nakasulat ang pangalan ng istasyon nila. Halata pa rin sa likod na napakaraming tao sa *background* ng nagsasalitang kura paroko.

Mas maaliwalas na ang mukha ng kanilang kura paroko dahil naibalik na rin ang kampana. Dadayuhin talaga ito dahil sa *historical value* nito. Kung ang korona nga ng isang rebulto, kapag nawala, naibabalita, ito pa kayang isang napakalaking kampana.

Inip na inip na si Lola Da sa tagal ng *tricycle*. Isang *tricycle* lang naman ang kailangan para makapunta sa iba't ibang lugar sa Antipolo. Kaya lang, minsan, *overpriced* ang bayad sa mga *tricycle*. Laking tipid ni Iska sa Sinag *free flights*.

Nang may tumigil na *tricycle* sa harap nina Iska, naunang humakbang pasakay si Lola Da. Pasakay na sana si Iska sa *tricycle* nang biglang may humawak sa may pulso niya.

“Iska, puwede ba tayong mag-usap?” si Kenneth.

DINALA NI KENNETH si Iska sa Mystical Cave kung tawagin. Sikat ang pasyalan na ito sa Antipolo. Bagaman malayo ito sa simbahan, hinding-hindi kumpleto ang lakad ng mga turista kung hindi pupunta rito. Lagpas isang oras ang biyahe nila mula sa simbahan. Sakay ng jeep, binaybay nila ang kahabaan ng *highway* upang mapuntahan ang kuwebang ito.

Ayon sa mga nakatirang lokal sa paligid nito, isang matandang babae ang nagkaroon ng panaginip tungkol sa kuwebang ito. Kaya mula sa kaniyang tahanan sa Iloilo, hinanap niya ang puwesto ng kuwebang ito sa Antipolo. Maliit lamang ang lagusan papasok sa kuwebang ito. Kaya, sa tulong at pagpayag ng pamahalaang lokal, ginamitan ng pampasabog ang lagusan. Lumaki ang lagusan, sapat na upang mapasok ng tao ang kuweba.

Hapon na kaya naman mas marami ang taong nagpupunta rito. Pumila sila sa labas at nagbayad ng *entrance fee*. Pagkatapos, sabay nilang nilakad ang kamangha-manghang tanawin sa loob ng kuweba.

“Ito ang unang tirahan ng mga tagapagtanggol ng Hiwaga, Iska. Dito nagsimula ang lahat. Dito ka isinilang, gayon rin sina Josefina, Gregoria,



at Ela. Silang tatlo ay sina Hanan, Mayari, at Tala. Silang tatlo ay ang mga anak ni Bathala sa isang mortal. Ikaw rin.”

Lumakad si Iska papalapit sa mga nakamamanghang pagkabuo ng mga bato at kristal sa loob ng kuweba. Hindi niya inaasahan ang ganito kagandang tanawin dahil buong akala niya, naging isang siyudad na rin ang Antipolo. Sa kabila ng ganda ng paligid na nakikita niya, hindi niya mapigilang malungkot sa mga unti-unti niyang natutuklasan. Hindi na nabibigyan ng pansin ang ganito kagandang kuweba sa isang bayan. Pulos na lamang *mall* ang mas madalas puntahan.

Itinuro ni Kenneth ang mga *rock formation* na kawangis ng isang dalaga. Ang mga ito ay may pangalan ayon kay Kenneth.

“Si Josefina ay si Hanan. Siya ang diwang nangangalaga sa araw. Ang Tiya Oyang mo naman si Mayari. Siya ang nangangalaga sa buwan. Ang mga bituin ay nakatoka kay Tala.”

“Kung ganoon, alin naman ang sa akin?”

“Taglay mo ang kapangyarihan nilang tatlo. Ikaw ang pang-apat nilang kapatid na siya namang magpapatuloy sa pagtatanggol sa Hiwaga laban sa mga kakaibang nilalang na maaaring makita natin. Halimbawa, ang pagdumi ng Taktak ay dahil sa mga nilalang na namamalagi roon. Ngayong wala na sila roon, unti-unti na itong bumabalik sa dati nitong linis. Bagama’t hindi linis na linis, pero may magandang pagbabago naman.”

Huminga nang malalim si Iska sa mga narinig. “Sino ang tunay kong nanay?”

“Hindi ko alam. Pero anak na rin ang naging turing sa iyo ni Mommy Jo, Iska. Iyon ang sigurado ako. Wala naman sa dugo ang pagiging ina o ama, hindi ba? May mga pamilyang hindi gaya ng nakasanayan. At okay lang ’yon. Hindi ko rin kadugo ang kasama ko sa bahay ngunit itinuring ko na siyang ama dahil sa pagkukup, pag-aalaga, at pagmamahal niya sa akin.”

“Hindi pa pala kita kilalang-kilala, ’no?” nabanggit ni Iska. Oo nga, ang tagal na nilang magkausap mula pa lamang sa pagsasanay pero bakit hindi pa niya alam ang ibang detalye tungkol kay Kenneth?

Nagkibit-balikat si Kenneth. “Minsan, hindi naman mahalaga ang detalye. Mas mahalaga ang mabuting intensiyon,” paliwanag nito. “Pero sige. Ako si Kenneth.” Inilahad ni Kenneth ang kamay niya na tila nakikipagkamay.

Nakipagkamay naman ni Iska, na parang ito ang una nilang pagkikita.





Natawa naman si Kenneth sa reaksiyon ng dalaga. “Hello, Iska nga pala,” sagot naman ni Iska.

Nagtawanan silang dalawa. “Pwedeng makipagkaibigan?” tanong ni Kenneth.

“Ngumingiti ka naman pala!” sagot ni Iska. “Oo naman! Bakit hindi?”

“Sana maging mabuti tayong magkaibigan... para sa Hiwaga?”

Nailang si Iska sa sinasabi ni Kenneth, pero mas nabigla siya nang hawakan ng binata ang kamay niya. “Masaya akong nakilala kita, Iska,” bulong nito.

Nag-init ang mga pisngi ni Iska. Ramdam niya ang init ng hangin sa paligid niya. Lalo siyang pinagpawisan. Hindi agad siya nakakilos sa kinatatayuan. Ano ang sasabihin niya? Ano ang iisipin niya.? Bakit naging ganito kabait si Kenneth? Hindi naman siya ganito kabait.

